

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagha-hire para sa mga trabaho sa mga parke at recreation, mga tungkulin ng volunteer para sa spring at summer ang Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Marso 23, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay may hanay ng mga kapana-panabik na oportunidad na available para sa naghahanap ng part-time na trabaho para sa mga parke at recreation, sa mga tungkulin ng volunteer sa buong Lungsod.

Brampton Recreation

Ang Brampton Recreation ay may sari-saring posisyon na available para sa spring na ito at sa summer sa aquatics, camps, customer service, facility operations, at marami pa. Mag-enjoy sa pagtatrabaho kasama ang isang tumutulong na team sa isang kapaligiran ng mga nagtutulungan, at mga benepisyo tulad ng flexible na mga iskedyul, may bayad na training, pagpapahusay ng skill at mga oportunidad para umasenso, access sa may diskwentong membership at karanasan na magandang tingnan sa isang resume.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa mga available na oportunidad at makipag-usap sa staff ng Lungsod sa paparating na job fair sa Abril 9. Bisitahin ang www.brampton.ca/rec-jobs para sa mga detalye at para mag-aplay.

Brampton Parks Maintenance at Forestry

Ang Brampton Parks Maintenance at Forestry ay may hanay ng part-time at pansamantalang mga posisyon na available sa forestry, horticulture, sementeryo, konstruksyon at district maintenance sa spring na ito at papunta sa fall.

Magtrabaho kasama ang tumutulong na team, mag-enjoy sa mga outdoor at dalhin ang inyong skills sa Lungsod sa pamamagitan ng isang posisyon bilang Seasonal Labourer, Parks Keeper, Gardener, Arborist at marami pa. Bisitahin ang www.brampton.ca/employment para sa mga detalye at mag-aplay.

Mga Oportunidad sa Volunteer

Ang Lungsod ng Brampton ay naghahanap ng mga volunteer para sa hanay ng mga departamento, kabilang ang Brampton Animal Services, ang Brampton Emergency Management Office, Brampton Recreation, at Performing Arts. Ang mga 14 na taong gulang at higit pa ay maaaring matuto at mag-aplay sa www.brampton.ca/volunteers.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at committed tayo sa paglikha ng mga trabaho sa ating komunidad. Inilunsad natin ang 2022 kampanya sa pag-hire sa spring at

summer para sa mga parke at recreation at kung naghahanap kayo ng trabaho o pagbo-volunteer, hinihikayat ko kayo na mag-browse sa aming mga bakante sa kasalukuyan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang magandang lugar na titirhan, pagtrabahuan, at pakikinabangan. Maging bahagi ng tumutulong na team sa ating mga departamento ng Parks o Recreation, magkamit ng mga mahahalagang skill at karanasan at magkaroon ng kapaki-pakinabang na tungkulin sa Lungsod sa pamamagitan ng ating mga oportunidad sa 2022.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Tayo ay may hanay ng mga posisyon na available sa Brampton Parks at Recreation para sa spring at summer. May mga oportunidad din tayo para sa mga volunteer. Mag-aplay para sa isang tungkulin sa Lungsod para makatulong na mananatiling nakakalusog, aktibo at ligtas ang Lungsod.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang napakahusay na team na sasamahan na naglilingkod sa isang diverse at mabilis na lumalaking komunidad. Hinihintay namin ang pagtanggap ng matagumpay na mga aplikante sa kanilang mga tungkulin nitong spring at summer, at sa buong taon.”

- *Paul Morrison, Interim CAO, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca